**Isa ka bang menor de edad na hinainan ng Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) – Nasasakdal na Wala pang 18 Taong Gulang?**

**Basahin ang brosyur na ito para matuto ng mahalagang impormasyon.**

**Kabanata 7.105 RCW**

The Washington Pattern Forms Committee
Enero 2023

## Ano ang dapat gawin kung sinilbihan ako ng Petisyon at Pansamantalang Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) – Walang Abiso - Nasasakdal na Wala Pang 18 Taong Gulang?

### Hakbang 1: Isuko ang anuman at lahat ng baril

Iaatas ng opisyal na tagapagpatupad ng batas na nagsisilbi sa iyo na isuko mo agad ang anuman at lahat ng baril. Kung hindi mo ito gagawin, maaari kang kasuhan ng krimen.

### Hakbang 2: Pumunta sa Buong Pagdinig

Ang pansamantalang utos ay may bisa hanggang sa buong pagdinig. Pumunta sa pagdinig sa oras at lugar na nakatala sa itaas ng unang pahina ng pansamantalang utos. Sa pagdinig na iyon, isasaalang-alang ng isang hukom ang kahilingan ng petisyonaryo para sa utos na tatagal ng 1 taon. Maaaring magtalaga ang hukom ng Guardian ad Litem (GAL) sa pagdinig. Tutulungan ka ng taong iyon sa pagdinig. Maaari mo ring isama ang magulang o tagapag-alaga sa pagdinig.

## Paano kung hindi ako sumasang-ayon?

Sa pagdinig, puwede mong sabihin sa korte kung bakit sa tingin mo ay hindi dapat maglagay ng utos. Magtatanong sa iyo ang hukom at dapat kang sumagot nang may katapatan, sa ilalim ng panata. Dapat mong ipaliwanag sa hukom kung bakit hindi ka naghaharap ng malaking panganib sa iyong sarili o sa iba mula sa pagkakaroon ng mga baril.

## Anong mangyayari kung pinirmahan ng hukom ang Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) – Nasasakdal na Wala pang 18 Taong Gulang?

Pagbabawalan kang magkaroon ng baril sa iyong kustodiya o kontrol, o bumili, mag-access, tumanggap, o magtangkang bumili o tumanggap ng anumang baril hangga't may bisa ang utos. Dapat mong isuko ang anuman at lahat ng baril.

## Gaano katagal ang utos?

Tumatagal ito ng 1 taon, pero maaari itong i-renew para sa dagdag na 1-taong yugto.

## Anong mangyayari kung hindi pipirmahan ng hukom ang utos?

Kung hindi pinirmahan ng hukom ang Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) – Nasasakdal na Wala pang 18 Taong Gulang, ang kaso ay ipapawalang-saysay ng hukom. Kung isinuko mo ang mga baril, puwede mong hilingin sa hukom na pumirma ng utos para ilabas ang mga armas na puwede mong ibigay sa tagapagpatupad ng batas.

## Puwede ko bang hilingin sa hukom na tapusin ang utos?

Maaari kang magsumite ng mosyon para wakasan ang Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) nang **isang** beses sa panahon ng 1-taong yugto na may bisa ang utos. Dapat mong patunayang hindi ka naghaharap ng malaking panganib sa iyong sarili o sa iba mula sa pagkakaroon ng mga baril.

## Puwede ko bang hilingin sa hukom na selyuhan ang aking mga rekord sa korte para hindi makita ng publiko?

Maaari kang magsumite ng Mosyon at Deklarasyon upang Selyuhan ang mga Rekord ng Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) – Nasasakdal na Wala pang 18 Taong Gulang, form XR 281, anumang oras sa mga pagkakataong ito:

- sa buong pagdinig sa nakatataas na korte o korte para sa mga bata
- anumang oras sa buong panahon ng utos na ito
- kapag natapos na ang utos

Seselyuhan ng korte ang mga rekord ng korte upang hindi makita ng publiko kung totoo ang lahat ng ito:

- wala nang iba pang aktibong utos ng proteksyon laban sa iyo;
- walang nakabinbing paglabag sa utos; at
- ipinapakita ng ebidensya na lubusan kang sumunod sa pagsuko ng anuman at lahat ng baril, gaya ng ipinag-utos sa Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib).

Kung nagsimula ang kaso sa pandistritong korte, magsumite rin ng mosyon sa korteng iyon para hilingin sa korte na selyuhan ang mga rekord na iyon upang hindi makita ng publiko.

## Kailan ko dapat isuko ang mga baril kung hindi ako personal na sinilbihan?

Kung sinilbihan ka gamit ang ibang paraan, dapat mong isuko ang lahat ng baril sa lokal na ahensya na nagpapatupad ng batas sa loob ng 24 na oras pagkatapos paghahain.

Kung naroon ka sa pagdinig, dapat mong isuko ang lahat ng baril sa lokal na ahensya na tagapagpatupad ng batas sa mismong araw din na iyon.

## Ano ang ginagawa ng Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) – Nasasakdal na Wala pang 18 Taong Gulang?

Dahil sa Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib (Extreme Risk Protection Order, ERPO), nagiging ilegal ang pag-access, pagtataglay, pagbili, o pagkakaroon ng kontrol ng menor de edad sa mga baril. Dapat alisin at kunin mula sa kontrol ng menor de edad ang anumang baril na naa-access niya.

## Isinasampa ito laban kanino?

Isang menor de edad na pinararatangang naghaharap ng malaking panganib na magdulot ng personal na pinsala sa kaniyang sarili o sa iba sa malapit na hinaharap mula sa pagkakaroon ng mga baril. Puwedeng kasama sa mga salik na nagpapakita ng naturang panganib ang nagbabanta o marahas na paggawi, mga banta ng pananakit sa sarili, at pag-abuso sa droga o alak. Ang tao na pinararatangang malubhang nanganganib na saktan ang kaniyang sarili o ang iba ay tinatawag na **nasasakdal**.

## Sino ang puwedeng humiling ng utos?

Ang petisyon ay puwedeng isumite ng ahensya na nagpapatupad ng batas, karelasyon o miyembro ng pamilya o sambahayan ng nasasakdal. Ang ahensya o taong nagsusumite ng kaso ay tinatawag na **petisyonaryo**.

Kasama sa mga miyembro ng pamilya o sambahayan ang:

- Magkamag-anak ayon sa dugo, pag-aasawa, pagli-live in, o pag-aampon
- Mga taong naninirahan o nanirahang kasama ng nasasakdal
- Mga taong may biolohikal o legal na relasyon ng magulang-anak, kasama ang amain o madrasta at anak ng asawa, lolo o lola at apo, o karelasyon ng magulang at mga bata
- Isang taong tumatayo o tumayong legal na tagapag-alaga ng nasasakdal

Kasama sa karelasyon ang:

- Kasalukuyan o dating asawa o ka-live in
- Kasalukuyan o dating may relasyon ng pakikipagkasintahan (13 taong gulang o mas matanda).
- Mga tao na may anak (maliban kung ang bata ay ipinagbuntis dahil sa seksuwal na pagsalakay)

## May itatalaga bang Guardian ad Litem para sa akin?

Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, hindi mo kinakailangang magkaroon ng Guardian ad Litem (GAL), pero maaaring piliin ng korte na italaga ito. Dapat itong italaga ng korte kung ikaw ay 15 taong gulang o mas bata.

## Sino ang makakatanggap ng kopya ng utos?

Ikaw (ang nasasakdal), ang iyong magulang o legal na tagapag-alaga, DYCF kung mayroong kaso ng pagdepende o out-of-home placement tungkol sa iyo, ang petisyonaryo, ang iyong lokal na tagapagpatupad ng batas, ang Washington Crime Information Center (Sentro para sa Impormasyon ng Krimen sa Washington, WACIC), at ang National Crime Information Center (Pambansang Sentro para sa Impormasyon ng Krimen, NCIC).

## Saan ako makakakuha ng mga form?

Puwede mong i-download ang mga form mula sa www.courts.wa.gov/forms o kunin ang mga ito mula sa opisina ng klerk ng korte.

## Mga Sanggunian:

Para sa higit pang impormasyon pumunta sa: http://protectionorder.org/erpo/how-do-i-turn-in-my-firearms.html

| ***Mga Lokal na Sanggunian*** |
| --- |
| |